# MISSALETTE



**17 Hulyo 2026 • IKA-17 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON • TAON A**



## IKAW AT AKO: ANG TANGING YAMAN NI HESUS

Ngayon ay ang ika-17 Linggo sa Karaniwang Panahon, Fil-Mission Sunday at ang Pandaigdigang Araw ng mga Lolo, Lola, at mga Nakatatanda. Sa Mabuting Balita, may isang lalaking nakatagpo ng kayamanan na ipinagpalit ang lahat ng mayroon siya upang makuha ito. Inaasahan tayong maging katulad ng lalaking iyon kapag natagpuan natin si Hesus—iiwan ang lahat upang sundan Siya. Ngunit sa mas malalim na kahulugan, si Kristo ang Siyang nakatagpo sa atin, nag-alay ng lahat—maging ng Kanyang buhay sa krus. Matuto nawa tayo sa Eukaristiyang ito na magpasalamat at sumunod sa Kanya.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Sa banal niyang tahanan
lumalagi ang Maykapal,
at kapisan n'ya ang tanan.
Tanging s'ya ang magbibigay
ng lakas sa sambayanan.

*(Sal 68, 5-6. 35)*

### PAGBATI

**P** –Pagpalain ang Diyos na nag-aalok ng Kanyang Kaharian sa pamamagitan ni Hesus na ating Kapatid at Tagapagligtas. Ang Kanyang pagmamahal at kapayapaan ay sumainyong lahat.

**B –At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** –Natitipon dito bilang mag-anak ng Diyos, tayo'y dumulog sa Diyos at humingi ng kanyang patawad pagkat Siya'y mabait at lubos na mahabagin. (Manahimik saglit.)

**P** –Panginoon, malimit naming ipagpalit ang iyong biyaya sa mga kasiyahang materiyal. Panginoon, kaawaan mo kami.

**B –Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** –Panginoon, sa pagpapasiya, malimit kaming nagpapagabay hindi sa iyong karunungan kundi sa mga maling pag-papahalaga sa mundo. Kristo, kaawaan mo kami.

**B –Kristo, kaawaan mo kami.**

**P** –Panginoon, malimit kaming nakukuntento sa pagpapahalaga sa iyong Kaharian sa pagdarasal lamang, habang di naman nagsisikap isabuhay ang mga ito. Panginoon, kaawaan mo kami.

**B –Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B –Amen.**

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAPURI

**B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan**
**at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.**
**Pinupuri ka namin,**
**dinarangal ka namin,**
**sinasamba ka namin,**
**ipinagbubunyi ka namin,**
**pinasasalamatan ka namin**
**dahil sa dakila mong angking kapurihan.**
**Panginoong Diyos, Hari ng langit,**
**Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,**
**Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.**
**Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,**
**maawa ka sa amin.**
**Sapagkat ikaw lamang ang banal,**
**ikaw lamang ang Panginoon,**
**ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,**
**kasama ng Espiritu Santo**
**sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P** – Ama naming makapangyarihan,
nililingap mo ang mga walang inaasahan kundi ikaw.
Hindi maidarangal at hindi magiging banal
ang sinumang sa iyo'y napapawalay.
Dagdagan mo ang iyong kagandahang-loob sa amin
upang sa iyong pamumuno at pangangasiwang magiliw
mapakinabangan namin ang mga biyaya mo sa lupa
bilang pagkakamit na namin sa makalangit mong pagpapala
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B–Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## Unang Pagbasa 1 Ha 3, 5.7-12

Pagbasa mula sa Unang Aklat ng mga Hari

**Noong mga araw na iyon, ang Panginoo'y napakita kay Solomon sa panaginip. "Ano ang ibig mong ibigay ko sa iyo? Sabihin mo!" wika sa kanya.**

**Sumagot si Solomon, "Panginoon, aking Diyos, ginawa mo akong hari bilang kahalili ng aking amang si David, bagaman ako'y bata pa't walang karanasan. Pinapamuno mo ako sa iyong bayan, sa bayang ito na hindi na mabilang sa dami. Bigyan mo ako ng isang pusong maunawain at marunong kumilala ng masama at magaling. Sapagkat sino ang maaaring maghari sa bayan mong ito na napakalaki?"**


**Ikinalugod ng Panginoon ang hiling ni Solomon. Kaya't sinabi sa kanya, "Yamang hindi ka humiling para sa iyong sarili ng mahabang buhay, o kayamanan, o kamatayan ng iyong mga kaaway, kundi ang hiniling mo'y pagkaunawa at katalinuhang humatol, ipinagkakaloob ko sa iyo ang hiniling mo. Binibigyan kita ng karunungan na walang kapantay, maging sa mga nauna, maging sa mga susunod pa sa iyo."**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Salmong Tugunan Awit 118, 57 at 72. 76-77. 127-128. 129-130

**B – Iniibig ko nang lubos**
**tanang utos mo, Poong D'yos.**

*R. M. Velez*




* Ikaw lamang, Panginoon, ang lahat sa aking buhay,
kaya ako'y nangangakong susundin ang kautusan.
Higit pa sa ginto't pilak nitong buong sanlibutan,
ang mabuting idudulot ng bigay mong kautusan. **B.**

* Aliwin mo sana ako niyang pag-ibig mong lubos,
katulad ng binitiwang pangako sa iyong lingkod.
Sa akin ay mahabag ka, at ako ay mabubuhay,
ang lubos kong kasiyaha'y nasa iyong kautusan. **B.**

*	Mahigit pa kaysa ginto, pag-ibig ko sa
	'yong aral,
mahigit pa kaysa gintong binuli at dinalisay.
Kaya iyang tuntunin mo ang siya kong
	sinusunod,
pagkat ako'y namumuhi sa anumang
	gawang buktot. **B.**

*	Lubos akong humahanga sa bigay mong
	mga turo,
iya'y aking iingata't susundin nang buong
	puso.
Ang liwanag ng turo mo'y nagsisilbing
	isang tanglaw,
nagbibigay dunong ito sa wala pang
	karanasan. **B.**

## Ikalawang Pagbasa — Ro 8, 28-30

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

**Mga kapatid:**

**Alam nating sa lahat ng bagay, ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa kanya, ang mga tinawag ayon sa kanyang panukala, sa kanilang ikabubuti.**
**Sapagkat sa mula't mula pa'y alam na ng Diyos kung sino ang sa kanya; ang mga ito'y itinalaga niyang maging tulad ng kanyang Anak, at sa gayon, naging panganay natin siya. At ang mga itinalaga niya noong una pa ay kanyang tinawag. Ang mga tinawag niya ay kanya ring pinawalang-sala, at ang kanyang mga pinawalang-sala ay kanya namang binigyan ng karangalan.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Aleluya — Mt 11, 25

**B** – Aleluya! Aleluya!
Papuri sa Diyos Ama
pagka't ipinahayag n'ya na
Hari s'ya ng mga aba.
Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita — Mt 13, 44-52

P – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao: "Ang Paghahari ng Diyos ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nahukay ito ng isang tao at tinabunan uli. Sa laki ng tuwa, siya'y humayo at ipinagbili ang lahat ng ari-arian niya at binili ang bukid na iyon.**

**Gayundin naman, ang Paghahari ng Diyos ay katulad nito: may isang mangangalakal na naghahanap ng mamahaling perlas. Nang makakita ng isang perlas na napakahalaga, siya'y humayo at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at binili iyon.**

**Ang Paghahari ng Diyos ay katulad din ng isang malaking lambat na inihagis sa dagat at nakahuli ng sari-saring isda. Nang mapuno ay hinila ito sa pampang. At naupo ang mga tao upang pagbukud-bukurin ang mga isda: tinipon nila sa mga sisidlan ang mabubuti, ngunit itinapon ang mga walang kuwenta. Gayundin ang mangyayari sa katapusan ng daigdig. Darating ang mga anghel at ihihiwalay ang mga makasalanan sa mga banal, at ihahagis ang mga makasalanan sa maningas na pugon. Doo'y mananangis sila at magngangalit ang kanilang ngipin.**

**Nauunawaan na ba ninyo ang lahat ng ito?" tanong ni Hesus. "Opo," sagot nila. At sinabi niya sa kanila, "Kaya nga, ang bawat eskriba na kumikilala sa paghahari ng Diyos ay tulad ng isang puno ng sambahayan na kumukuha ng mga bagay na bago at luma sa kanyang taguan."**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at**
**nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**

**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P** –Mga kapatid, lubos tayong minamahal ng Diyos kaya't ibinigay Niya ang Kanyang Anak para sa atin. Nagtitiwala sa Kanyang pag-ibig, idulog natin sa Kanya ang ating mga panalangin at sambitin: Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin.

**B – Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin.**

* Para sa Santo Papa, mga obispo, at mga pari: nawa'y lagi nilang matagpuan kay Hesus ang tunay na kayamanan ng kanilang buhay, at maglingkod nang may pagpapakumbaba, katapatan, pagkakapatiran, at pagmamahal. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa lahat ng mga naglilingkod sa pamahalaan: nawa'y itaguyod nila ang ikabubuti ng lahat at maglingkod nang may katapatan, at isantabi ang pansariling ambisyon. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating parokya: nawa'y pakitunguhan natin ang isa't isa nang may pagtitiyaga at paggalang, at iwasan ang pagpuna o paghatol sa kapwa. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga hindi pa sumasampalataya o sa mga naghahanap ng kahulugan sa buhay: nawa'y matagpuan nila si Hesus at makilala ang Kanyang pag-ibig. Manalangin tayo. **B.**

**P** – Maawaing Ama, ibinigay Mo sa amin ang Iyong Anak bilang pinakadakilang kayamanan, ang perlas na may natatanging halaga. Dinggin Mo ang aming mga panalangin at palawigin ang aming pag-ibig sa Iyo araw-araw, upang tapat naming masundan ang Iyong Anak at aming kapatid, na si Hesukristo na aming Panginoon.
**B – Amen.**

# PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P** – Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon**
**itong paghahain sa iyong mga kamay**
**sa kapurihan niya at karangalan,**
**sa ating kapakinabangan**
**at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P** – Ama naming Lumikha,
tanggapin mo ang mga alay na sa iyo rin nagmula
at ngayo'y aming inihahanda sa iyong dambana
upang sa aming ginaganap na pagdiriwang ang
iyong paglingap ay magtaguyod sa tanan at
magpabanal sa aming pamumuhay sa kasalukuyan
at mag-akay sa amin sa ligayang walang katapusan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

## PREPASYO IV

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
**P** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**
**P** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**
**P** –Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan
sa pamamagitan ni Hesukristo
na aming Panginoon.
Siya ay naging kapwa naming maaasahan
upang may mangunang umako sa pananagutan
dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang
pagkakanya-kanya ng sangkatauhan.
Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig
at ang kamatayan ay kanyang nalupig
kaya't siya ang aming Daan para aming masapit
ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo**
**Panginoong Diyos**
**ng mga hukbo!**
**Napupuno ang langit at lupa**
**ng kadakilaan mo!**
**Osana sa kaitaasan!**
**Pinagpala ang naparirito**
**sa ngalan ng Panginoon!**
**Osana sa kaitaasan!**

## PAGBUBUNYI

**B** –Sa krus mo at pagkabuhay
kami'y natubos mong tunay,
Poong Hesus naming mahal,
iligtas mo kaming tanan
ngayon at magpakailanman.

## PAKIKINABANG

**B –** **Ama namin . . .**

**P –** Hinihiling namin . . .

**B –** **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

### PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P** – Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

### ANTIPONA NG PAKIKINABANG

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Kaluluwang aking taglay,
Poon ay 'yong papurihan.
Huwag mong kalilimutan
ang dulot n'yang kabutihang
ngayon sa pakikinabang.

*(Sal 103, 2)*

### PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P** – Ama naming mapagmahal,
pinagsaluhan namin sa banal na pakikinabang
ang alaalang walang kupas ng iyong Anak na nag-alay
ng sarili niyang buhay para sa aming kaligtasan.
Ipagkaloob mong ito ay magdulot ng pag-unlad
sa ipinamana niya sa aming pagliligtas
bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

**B – Amen.**

## PAGWAWAKAS

**P** – Sumainyo ang Panginoon.

**B – At sumaiyo rin.**

**P** – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B – Amen.**


**P** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

**B – Salamat sa Diyos.**

*Whether you're 5 or 105,*
*you've got a prayer companion.*


**My Pocket Prayer Book**


*Includes everyday prayers, devotions, the Holy Rosary, and a confession guide in one handy, affordable booklet.*




*Available at:*
Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore

**Get acquainted with the life of the Mother of the Lord through the two pamphlets: "Mary of Nazareth, Mother of Jesus" and "Maria, Kasambahay ng Panginoon"**




*Available at:*
Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua